Para sa mga magulang na nagpaplanong ipasok (i-transfer) ang anak sa municipal school

Enero 2025

Kawasaki City Board of Education Secretariat

# Abiso tungkol sa aplikasyon para sa school lunch at pagbabayad ng school lunch fee

**Upang makatanggap ng school lunch, kailangan na gawin ang 2 klase ng proseso ①Aplikasyon para sa school lunch at ②Pamamaraan para sa account transfer ng school lunch fee.**

## 1 Tungkol sa aplikasyon para sa school lunch at pamamaraan para sa account transfer ng school lunch

### Proseso ① Aplikasyon para sa school lunch

*Ang "QR code" ay isang nakarehistrong trademark ng DENSO WAVE INCORPORATED.

Gawin ang aplikasyon para sa school lunch gamit ang iyong computer o smartphone sa pamamagitan ng **"Online Procedure Kawasaki (e-KAWASAKI)"**.

- Deadline: **Hanggang Abril 14, 2025**
  **(Para sa transferee, hanggang sa araw na kumain ng school lunch)**
- Paraan ng aplikasyon: **I-access ang website gamit ang QR code at Ilagay ang mga kailangang impormasyon**.

※Kung gagamitin ang e-KAWASAKI sa unang pagkakataon, kailangang magparehistro bilang user.

**Para sa aplikasyon ng school lunch**

Narito ang URL

https://lgpos.task-asp.net/cu/141305/ea/residents/procedures/apply/dff59dc3-3b43-47d3-a0bb-a0b04214bd63/start

(Tandaan) Kung hindi makapag-apply gamit ang computer or smartphone

Isumite sa **paaralan** ang "**Application form para sa school lunch**"
(sa loob ng 4 na pahinang dokumento, **ika-4** na pahina)

- Matapos na kunin ang pahina, isulat ang kinakailangang impormasyon, **at isumite sa paaralan sa araw ng school entrance ceremony.**
- Kung kailangan ang Application form para sa school lunch, makipag-ugnayan nang direkta sa paaralan na papasukan.




### Proseso ② Pamamaraan para sa account transfer ng school lunch fee

Mag-apply para sa account transfer gamit ang computer o smartphone mula sa **"Web account transfer reception site"**.

- Deadline: **Hanggang Abril 14, 2025**
  **(Para sa transferee, hanggang sa araw na kumain ng school lunch)**
- Paraan ng aplikasyon: **I-access ang website gamit ang QR code at Ilagay ang mga kailangang impormasyon**.
- Mga bagay na dapat tandaan: Kailangang gawin ang pamamaraan para sa account transfer para sa bawat bata.

**Para sa aplikasyon ng account transfer**

Narito ang URL

https://koukin-koufuri.jp/kawasaki_city/GPFKWS01010Action_doInit.action?tax_fee=0210

(Tandaan) Kung hindi makapag-apply gamit ang computer or smartphone

Isumite sa **mga financial institution** ang "**Request form para sa pagbabayad sa pamamagitan ng bank transfer**" (sa loob ng 4 na pahinang dokumento, **una hanggang ikatlong** pahina)

- Dahil multiple-sheet form ang ginagamit, siguruhing huwag ihiwalay ang mga ito sa pagsulat ng kinakailangang impormasyon, at pagkatapos makumpleto ay **isumite nang direkta sa tanggapan ng mga financial institution na nasa likurang bahagi**.
- Kung kailangan ng request form para sa pagbabayad sa pamamagitan ng account transfer, makipag-ugnayan nang direkta sa papasukang paaralan.

<Listahan ng mga financial institution na maaaring gamitin>

| Bangko | Credit Unions (Shinkin Bank) | Iba pa |
|---|---|---|
| Mizuho, Mitsubishi UFJ, SMBC, Resona, Gunma, Kiraboshi, Yokohama, Higashi-Nippon, Kanagawa, Shizuoka Chuo, Japan Post Bank, PayPay, Rakuten, Aeon | Yokohama Shinkin Bank, Kawasaki Shinkin Bank, Sawayaka Shinkin Bank, Shiba Shinkin Bank, Johnan Shinkin Bank, Setagaya Shinkin Bank | Chuo Labour Bank, JA Ceresa Kawasaki |

- **Hiwalay na ibabawas ang mga gastos maliban sa school lunch fee mula sa account sa financial institution na itinakda ng paaralan.**
- Pagkatapos makumpleto ang mga pamamaraan, hindi na kailangang gawin uli ang aplikasyon sa pagpasok o paglipat sa ibang municipal school sa siyudad ng Kawasaki (kabilang ang junior high school at special education school).
- Babayaran ng siyudad ng Kawasaki ang handling fee para sa account transfer, kaya hindi ito papasanin ng mga magulang.

## 2 Tungkol sa school lunch fee

Ang schedule para sa school lunch fee at deadline sa pagbabayad (petsa ng account transfer) para sa school year 2025 ay ayon sa mga sumusunod.

| | 1st term | 2nd term | 3rd term | 4th term | 5th term | 6th term | 7th term | 8th term | 9th term |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Deadline sa pagbabayad | Hunyo 30 | Hulyo 31 | Setyembre 1 | Setyembre 30 | Oktubre 31 | Disyembre 1 | Enero 5 | Pebrero 2 | Marso 2 |
| Nasasakop na buwan | Abril, Mayo | Hunyo | Hulyo | Agosto, Setyembre | Oktubre | Nobyembre | Disyembre | Enero | Pebrero, Marso |
| Halaga — Full lunch | 10,800 yen | 5,400 yen | 5,400 yen | 5,400 yen | 5,400 yen | 5,400 yen | 5,400 yen | 5,400 yen | 10,679 yen |
| Bilang ng pagpapakain ng school lunch | 187 beses (maximum) | Halaga ng bawat 1 meal | 317 yen | | | | | | |

- Para sa aktuwal na halaga na dapat bayaran para sa school year 2025, aming pinag-iisipan na gamitin ang mga tulong na mula sa gobyerno at iba pang mga mapagkukunan upang isubsidiya ito kaya opisyal naming iaanunsyo ito sa buwan ng Abril.
- Ang school lunch fee ay binabayaran base sa inaasahang bilang ng beses ng pag-order ng mga sangkap para sa school lunch ng iyong anak sa katapusan ng isang taon. Ang anumang labis o pagkukulang sa kabayaran ng school lunch fee ay gagawan ng “adjustment” sa 9th term.
- Kung ipatitigil ang pagbibigay ng inuming gatas, ibabawas ang halaga nito mula sa halaga sa itaas.

## 3 Q&A (katanungan at kasagutan) tungkol sa pamamaraan para sa pagbabayad ng school lunch

**Q1 Ano ang mangyayari kapag hindi nakumpleto hanggang sa deadline ang pamamaraan para sa account transfer?**

A1 Kapag hindi nakumpleto ang pamamaraan, hindi maisasagawa ang account transfer para sa 1st term (Abril at Mayo). Sa kasong ito, **kailangang magbayad sa isang financial institution o convenience store** gamit ang payment slip mula sa siyudad ng Kawasaki.Maaari din na gamitin ang barcode na nakaimprinta sa payment slip at bayaran ito sa Mobile Regi at iba pa. Tandaan lamang na hindi maaaring pagsamahin ang fee na ito sa fee para sa susunod na term at bayaran gamit ang account transfer sa petsa ng pagbayad ng 2nd term.

**Q2 Ano ang mga pamamaraang dapat gawin upang itigil ang pagbibigay ng gatas o kung nais na bigyan lamang ng gatas sanhi ng food allergy at iba pa?**

A2 **Kailangang isumite ang “Notipikasyon para sa pagbabago sa kategorya ng school lunch fee”.** Sumangguni sa tanggapan ng paaralan upang alamin ang detalye ukol sa mga dokumentong kinakailangan at iba pa.

**Q3 Ano ang dapat gawin kapag tumatanggap ng livelihood assistance (o suporta para sa gastos sa pagpapaaral)?**

A3 Hindi kailangang magbayad ng school lunch fee kung tumatanggap ng livelihood assistance o sertipikado sa pagtanggap ng suporta para sa gastos sa pagpapaaral. Kung naunang binayaran ang school lunch fee na sakop ng sertipikasyon dahil natagalan ang proseso sa pagbibigay ng sertipikasyon, ire-refund ito pagkatapos mabigyan ng sertipikasyon.**Kailangang isagawa ang aplikasyon para sa school lunch at pamamaraan para sa account transfer.**

**Para sa mga katanungan**

Para sa mga katanungan tungkol sa school lunch fee tulad ng aplikasyon para sa school lunch o pamamaraan para sa account transfer, mangyaring makipag-ugnayan sa namamahala na nakatala sa ibaba.

**Office of Health & School Lunch Promotion,**
**Kawasaki City Board of Education Secretariat**
Telepono: 044-200-2539 / FAX: 044-200-1810 / E-mail address: 88kyusyoku@city.kawasaki.jp

Para sa mga detalye sa pangangasiwa ng school lunch fee tulad ng mga bagay na madalas at iba pang bagay, sumangguni sa URL sa ibaba.
URL: https://www.city.kawasaki.jp/880/page/0000121366.html

Kawasaki City School lunch fee